## Magkakabisa ang isang Pambansang Batas na Gawing Pamantayan ang Pandaigdigang Edad sa Hunyo 28, 2023

Sa Hunyo 28, magkakabisa ang Pangkalahatang Batas sa Pampublikong Pangangasiwa at Batas Sibil at gagawing pamantayan ang paggamit ng panukalang pagbibilang ng pandaigdigang edad.
· Kung hindi pa lumilipas ang iyong kaarawan ngayong taon, ang edad mo ay ang 'kasalukuyang taon – taon ng kapanganakan – 1'.
Simula sa kaarawan mo ngayong taon, ang iyong edad ay ang 'kasalukuyang taon – taon ng kapanganakan'.

☞ Paano kalkulahin ang iyong pandaigdigang edad:
https://www.moleg.go.kr/menu.es?mid=a10111060000

**1. Paano mo kakalkulahin ang iyong 'pandaigdigang edad'?**

☞ Ang 'pandaigdigang edad' ay kinakalkula sa pamamagitan ng pagtatakda ng iyong edad sa zero sa petsa ng iyong kapanganakan at saka pagdadagdag ng isang taon sa panahon ng petsa ng iyong kapanganakan. Sa madaling salita, imbes na tumatanda ang lahat ng isang taon sa Enero 1, tumatanda ang bawat tao ng isang taon sa kanya-kanyang kaarawan.
Kung lumipas na ang iyong kaarawan ngayong taon, ang iyong edad ay ang 'kasalukuyang taon – taon ng kapanganakan - 1',
Simula sa kaarawan mo ngayong taon, ang iyong edad ay ang 'kasalukuyang taon - taon ng kapanganakan' (sa hatingggabi ng petsa ng iyong kapanganakan, magiging mas matanda ka ng isang taon)

**2. Paano maaapektuhan ng batas ang ipinag-uutos na edad ng pagpasok sa paaralan?**

☞ Walang pagbabago. Alinsunod sa Batas sa Pang-elementarya at Pangsekondaryang Edukasyon, papasok ang mga bata sa paaralang elementarya sa Marso 1 ng taon pagkatapos ng taon kung kailan sila naging 6 na taong gulang (batay sa pandaigdigang edad).

**3. Paano maaapektuhan ng batas ang panahon ng saklaw ng pambansang pensyon, saligang edad ng pensyon, at edad ng pagreretiro para sa mga lingkod sibil?**

☞ Walang pagbabago. Isinulat ang mga takdang ito sa kasalukuyang batas batay sa pandaigdigang edad. Hindi magdudulot ng anumang mga kasunod na pagbabago ang paggawang pamantayan ng panukalang pagbibilang ng pandaigdigang edad. Sa katunayan, ang legal na edad na ginagamit sa Timog Korea ay tumutukoy sa 'pandaigdigang edad' maliban na lamang sa isang sitwasyong gumagamit ng mga natatanging tuntunin bilang pagbubukod.

**4. May bisa pa rin ba ang mga tarheta ng pagpaparehistro bilang residente at mga tarheta ng lisensyang pangtsuper na inisyu noon?**

☞ Oo, may bisa pa rin. Inisyu ang mga tarheta ng pagkakakilanlang ito batay sa panukalang pagbibilang ng pandaigdigang edad na ginagamit ng mga kasalukuyang batas. Hindi mauuwi sa mga kasunod na pagbabago ang paggawang pamantayan ng panukalang pagbibilang ng pandaigdigang edad. Sa katunayan, ang legal na edad na ginagamit sa Timog Korea ay

tumutukoy sa ‘pandaigdigang edad’ maliban na lamang sa isang sitwasyong gumagamit ng mga natatanging tuntunin bilang pagbubukod.

**5. Ano ang ‘kalendaryong edad’?**

☞ Ang ‘kalendaryong edad’ ay isang panukalang pagbibilang ng edad na ginagamit ng ilang pambansang batas kung saan kinakalkula ang edad ng isang tao sa pamamagitan ng pagbabawas ng taon ng kapanganakan mula sa kasalukuyang taon, anuman ang kaarawan ng tao.

Ginagamit ang panukalang ito sa ilalim ng ilang batas na tulad ng Batas sa Proteksyon ng Kabataan at Batas sa Serbisyo Militar. Gayunpaman, para sa pangkalahatang kaginhawahan, balak ng pamahalaang palitan ang lahat ng sanggunian sa 'kalendaryong edad' ng 'pandaigdigang edad' maliban na lamang sa mga larangan kung saan ipinag-uutos ang paggamit ng 'kalendaryong edad'.

**6. Kapag binabanggit ng isang tiyak na batas ang '60 taong gulang', tumutukoy ba ito sa 'pandaigdigang edad', 'kalendaryong edad', o 'Koreanong edad'?**

☞ Upang palitan ang mga sanggunian sa ‘kalendaryong edad’ ng ‘pandaigdigang edad’, dapat rebisahin nang hakbang-hakbang ang nauukol na batas. Samakatuwid, ang pagpapatupad ng batas sa paggawang pamantayan ay hindi agad mauuwi sa pagbaklas ng panukalang ‘kalendaryong edad’.

Dahil dapat makumpleto ang mga pagsisiyasat ng pampublikong opinyon at sapat na pagbabalik-aral bago rebisahin ang panukalang ‘kalendaryong edad’, isasagawa ang isang proyektong pagsasaliksik (pangongontrata sa labas) at isang pampublikong pagsisiyasat sa unang bahagi ng taong ito. Bubuo ng isang plano para sa pagrebisa ng mga batas sa katapusan ng taong ito sa pakikipagtulungan ng mga nauugnay na ahensiyang pampamahalaan. Gayunpaman, para sa ilang batas na marerebisa nang mabilis pagkatapos ng mga pakikipagtalakayan sa mga nauugnay na ahensiyang pampamahalaan, gagawa ng isang planong pagrerebisa sa lalong madaling panahon.

**7. Ano ang ilan sa mga aktuwal na pagbabagong maaasahan kasunod ng pagsasabatas ng batas sa paggawang pamantayan ng ‘pandaigdigang edad’?**

☞ Itinatakda ng Batas Sibil at Balangkas na Batas sa mga Administratibong Regulasyon, mga pangunahing batas na namamahala sa mga usaping sibil at pangangasiwa ng pamahalaan, na ang 'pandaigdigang edad' ang dapat na pamantayang edad na ginagamit sa mga pagkalkula at komunikasyon. Ginagawa nitong malinaw sa lahat ng mamamayan na dapat katugon ng edad na ginagamit sa mga kontrata, mga batas, at mga ordinansa ang ‘pandaigdigang edad’ maliban na lamang sa mga sitwasyon kung saan ipinapatupad ang mga natatanging tuntunin.

Inaasahang lubhang babawasan ng pagtanggap ng batas sa pagpapatatag ang lahat ng mga alitan at petisyong sanhi ng sabay na paggamit ng mga nagsasalungat na panukalang pagbibilang.

*Mula sa: Alegato ng patakarang pampamahalaan (www.korea.kr))
*Tinipon ang impormasyong ito noong Hunyo 23, 2023.
*Pagsasalin: Sentro ng mga Dayuhang Residente ng Seoul 02-2229-4907 (Hunyo 26, 2023)
*Mga katanungan at payo: Sentro ng mga Dayuhang Residente ng Seoul 02-2229-4900